# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

# ARALING PANLIPUNAN I




## MODYUL 2
## PILIPINAS LUPAIN NG ATING LAHI

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# MODYUL 2
# PILIPINAS: LUPAIN NG ATING LAHI

Paano natin sisimulan ang pag-aaral ng Kasaysayan? Sa Modyul 1, nabatid natin na isa sa mga sangay ng pag-aaral ng Agham Panlipunan ay Heograpiya. Nabatid din natin na may malaking kaugnayan ang heograpiya sa ang Kasaysayan.

Sa modyul na ito, sisikapin nating unawain ang kahalagahan ng pisikal na katangian o heograpiya ng ating bansa.

May tatlong araling inihanda para sa iyo:

Aralin 1: Katangiang Pisikal at Pinagkukunang Yaman ng Pilipinas

Aralin 2: Ang Pambansang Teritoryo

Aralin 3: Rehiyonalisasyon

Inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod pagkatapos ng mga aralin sa modyul na ito.

1. Masusuri ang katangiang pisikal ng Pilipinas tulad ng lokasyon, hugis, anyo, sukat, lawak at klima;
2. Matutukoy ang mga likas na yaman ng bansa na nangangailangan ng wastong paggamit at pangangalaga;
3. Maituturo sa mapa ang mga hangganan ng pambansang teritoryo ng Pilipinas ayon sa Saligang-Batas ng 1987;
4. Maipaliliwanag ang mga probisyon ng Doktrinang Pangkapuluan (*Archipelagic Doctrine*) at ng *Exclusive Economic Zone*;
5. Matatalakay ang mga layunin at dahilan ng rehiyonalisasyon ng Pilipinas; at
6. Masusuri ang epekto ng pisikal na heograpiya sa mga pag-uugali at kamalayang pangkapaligiran at pag-unlad ng bawat rehiyon.

Handa ka na ba? Bago ang lahat, sagutin mo muna ang panimulang pagsusulit.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Panuto: Bilugan and titik ng tamang sagot.

1. Ang klimang tropikal ng Pilipinas ay batay sa kanyang lokasyon na:
   A. malayong nasa itaas ng equator
   B. mismong nasa equator
   C. banayad na nasa ibaba ng equator
   D. banayad na nasa itaas ng equator
2. Ang Pilipinas ay binubuo ng _____________ pulo.
   A. 7,707 C. 7,701
   B. 7,107 D. 7,109
3. Ito'y binubuo ng biyaya ng lupa, karagatan, ilog, kagubatan, at kapaligirang pangkalikasan.
   A. likas na yaman C. yamang pisikal
   B. yamang pantao D. lakas paggawa
4. Kasama ng Pilipinas, ang bansang ____________ at iba pang mga estadong arkipelago ay namuno sa pagpapanukala at pagsasakatuparan ng pandaigdigang kumperensiya sa Batas sa Karagatan.
   A. Indonesia C. Brunei
   B. Malaysia D. Thailand
5. Ang Saligang-Batas na nagtatadhana ng lawak na nasasakop ng Pilipinas ay ang:
   A. Konstitusyon ng 1972 C. Konstitusyon ng 1973
   B. Konstitusyon ng 1987 D. Konstitusyon ng 1935
6. Ang Pilipinas ay isang arkipelago dahil:
   A. ito'y binubuo ng mga isla na napapaligiran ng dagat sa lahat ng direksyon.
   B. ito'y napapaligiran ng dagat sa hilaga at timog.
   C. ito'y isang pulo na napapaligiran ng tubig.
   D. ito'y isang makipot na lupain na kakikitaan ng mga bundok at tubig.
7. Apatnapu't limang bahagdan ng kalupaan ng Pilipinas ay nagagamit sa:
   A. pagmimina C. agrikultura
   B. komersyo at kalakal D. pangingisda

8. Ito ang sentro ng kulturang Ifugao:
   A. *Autonomous Region of Muslim Mindanao*
   B. *Cordillera Autonomous Region*
   C. CARAGA
   D. *Bicol Region*
9. Ang pinakamahahabang kabundukan sa Pilipinas ay ang:
   A. Kabundukan ng Zambales
   B. Kabundukan ng Caraballo
   C. Kabundukan ng Sierra Madre
   D. Kabundukan ng Ifugao
10. Ang anyong tubig sa silangang bahagi ng bansa ay ang:
   A. Dagat Celebes        C. Kanal ng Bashi
   B. Timog Dagat Tsina        D. Karagatang Pasipiko
11. Ang Bikol o Ikalimang Rehiyon ay kilala sa buko, pili at abaka. Ang mga probinsiyang katulad ng Albay at Sorsogon naman ay mahalagang pinanggagalingan ng __________
   A. enerhiyang geothermal
   B. enerhiyang solar
   C. enerhiyang hydro-electric
   D. enerhiyang *bio-gas*
12. Batay sa P.D. 1596 na nilagdaan noong ika-11 ng Hunyo, 1978, ang Pilipinas ay umaangkin sa ________________ bilang bahagi ng pambansang teritoryo na nasasalig sa kasaysayan at titulong legal:
   A. *Turtle Island*
   B. *Scarborough Shoal*
   C. Sabah
   D. Mga Isla sa Kalayaan
13. Sa Kanluran, anong bansa ang kalapit ng Pilipinas?
   A. Indonesia        C. Taiwan
   B. Vietnam        D. Malaysia

14. Ang lalawigan ng rehiyong ito ay kadalasang daanan ng mga ulan at bagyo. Dahil dito,kilala ang rehiyon sa pagiging mahirap at sa mababang produksyon.

A. Rehiyon VII – Gitnang Bisaya
B. Rehiyon VIII – Silangang Bisaya
C. Rehiyon VI – Kanlurang Bisaya
D. Rehiyon I – Ilocos

15. Ang mga sumusunod ay suliraning naidulot ng pagkakahiwa-hiwalay ng mga pulo ng Pilipinas maliban sa:

A. mabagal na sistema ng transportasyon
B. kahirapan sa pangangasiwa at pamamahala sa kapuluan
C. kawalan ng pagkakaunawaan ng mga Pilipino dulot ng maraming wika
D. pagpili ng mga pinuno sa bansa

16. Ang matabang lupa mula sa bulkan sa lalawigan ng Davao ay lumilikha ng mga produktong pang-agrikultural. Nangunguna sa buong Mindanao ang Davao sa produksyon ng:

A. orkidyas
B. bigas
C. abaka
D. saging

17. Alin sa listahan ang bansa na hindi umaangkin sa mga Isla ng Spratlys?

A. Taiwan
B. China
C. Malaysia
D. Thailand

18. Ang pangingisda at pagsisid sa mga perlas ang mga pangunahing ikinabubuhay sa rehiyong ito. Tanyag din ang rehiyong ito sa makukulay na moske at vinta at mga bahay sa baybaying dagat:

A. Rehiyon XIII – C.A.R
B. ARMM
C. Cordillera Administrative Region
D. Rehiyon IX - Kanlurang Mindanao

19. Ang tropikal na klima ng Pilipinas ay may katangiang:

A. maalinsangan at maulan
B. mainit at maulan
C. mainit at mahalumigmig
D. maulan at mainit

20. Ang mga Isla sa Kalayaan (Spratlys) ay bahagi ng _______________


A. Mindanao
B. Sulu
C. Palawan
D. Batangas

**ARALIN 1**

**KATANGIANG PISIKAL AT PINAGKUKUNANG YAMAN**



Handa ka na bang magsimula? Ang araling ito ay tumatalakay sa lokasyon, lawak, hugis, topograpiya, klima at mga pinagkukunang yaman ng Pilipinas. Madali lamang, hindi ba?



Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ang kahalagahan ng lokasyon, sukat, at hugis ng mga rehiyon sa kanilang pag-unlad;
2. Maipaliliwanag kung paano nakatutulong sa pag-unlad ng bawat rehiyon ang mga pinagkukunang yaman nito;
3. Maiisa-isa ang iba't ibang klima sa Pilipinas; at
4. Mailalarawan ang topograpiya ng Pilipinas.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: May mga salitang nabubuo mula sa letrang nakakahon.Bilugan mo ang mga nabuo mong salita na nakapaloob sa parisukat. Ito ay maaring pahalang o pahaba. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa ibaba.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| S | H | A | P | O | N |
| I | X | A | V | I | Z |
| L | T | S | I | N | A |
| A | I | Y | E | D | T |
| N | M | A | T | I | X |
| G | O | X | N | Y | P |
| A | G | T | A | A | N |
| N | X | A | M | O | Y |
| B | R | U | N | E | I |
| K | A | P | U | L | O |

1. Anu-ano ang mga lokasyong nasa parisukat? ________________________
2. Ano ang mga bansang tinutukoy? _________________________________
3. Mayroon din bang anyong lupa sa parisukat? ________________________

**Lokasyon, Lawak at Hugis ng Pilipinas**

Kung titingnan natin sa mapa, nasa Hilagang Silangan ng Asya ang Pilipinas. Ang Pilipinas ay matatagpuan sa pagitan ng 4° 23` at 21° 30` hilagang latitud at ng 116°E at 127° silangang meridyan / longhitud. Ito ay napapaligiran ng Bashi Channel sa hilaga, Dagat ng Sulu at Celebes sa timog, Dagat Pasipiko sa silangan at Katimugang Dagat ng Tsina sa kanluran. Ang Pilipinas ay may sukat na 1,150 milya (1,850 km) pahaba at 680 milya (1,060 km) palapad. Ang isla ng Y'ami sa Batanes ang nasa dulong hilaga, samantalang Saluag, Sibutu ang isla sa dulong Timog. Ang mga bansang nakapaligid sa Pilipinas ay ang Taiwan, Tsina at Hapon sa hilaga; Vietnam, Laos, Kambodya, Thailand at Malaysia sa kanluran; at Borneo at Indonesya sa timog.

Ang ating bansa ay tinatawag na arkipelago. 7,109 ang mga pulong bumubuo sa Pilipinas. 4,000 dito ay wala pang pangalan. Ang Pilipinas ay may pangkalahatang sukat na 300,000 kilometro kwadrado. Ito ay higit na malaki kaysa Gran Britanya at Ireland, ngunit higit na maliit kumpara sa Hapon at España. Ang mga pangunahing isla sa arkipelago ng Pilipinas ay ang Luzon sa hilaga na may sukat na 141,395 kilometro kwadrado. Ang ilan sa mas maliliit sa isla ay ang Samar, Negros, Palawan, Mindoro, Leyte, Cebu, Bohol at Masbate.


And Maynila ay itinatag ni Miguel Lopez de Legaspi bilang kabisera noong ika-24 ng Hunyo, 1571. Ngunit noong ika-17 ng Hulyo, 1948 at sa bisa ng R.A 333, naging kabisera ng Pilipinas ang siyudad ng Quezon. Muling naging kabisera ang Maynila noong ika-14 ng Hunyo, taong 1976, sa bisa ng P.D 940.

**Topograpiya**

***A. Anyong Lupa***

Sa pangkalahatan, ang Pilipinas ay mabundok kaya't sagana ito sa mga bundok, bulubundukin at lambak. Ang pinakamataas na bundok ay ang Apo na halos 2,926.82 kilometro ang taas. Tatlong malalawak na bulubundukin ang matatagpuan sa Luzon. Ito ay ang Caraballo Sur sa may Abra, Ilokos Norte, at Cagayan, ang Caraballos Occidental na nahahati sa Cordillera Norte at

Cordillera Central, at ang Sierra Madre na siyang pinakamahabang tuluy-tuloy na




Ang Pilipinas at mga Karatig-Bansa

bulubundukin mula Cagayan hanggang Laguna de Bay. Ang bulubundukin ng Zambales ay nagsisimula sa Bolinao (Pangasinan) hanggang sa may dalampasigan ng Bataan.

Bilang bahagi ng "*Pacific Ring of fire*," ang Pilipinas ay kakikitaan ng halos 50 bulkan. Labintatlo (13) dito ay aktibo. Ang mga pangunahing bulkan sa Pilipinas ay ang Mayon (Albay), Taal (Batangas), Bulusan (Sorsogon), Didicas,

Kanlaon, Hibok-hibok, at Pinatubo. Ang mga pangunahing lambak o kapatagan naman ay ang Lambak ng Gitnang Luzon at Lambak ng Cagayan sa Luzon, at ang Lambak ng Agusan at Lambak ng Cotabato sa Mindanao.

### *B. Anyong Tubig*

Ang mahabang putul-putol na baybayin ng Pilipinas ay may sukat na 34,600 kilometro. Dalawang beses itong higit na mahaba sa baybayin ng Estados Unidos. Matatagpuan ang mga look, daungan at gulpo sa mga baybayin. Umaabot sa may 132 ilog ang nagagamit sa transportasyon. Ilan dito ay ang ilog ng Cagayan, ilog ng Pampanga, Agno at Pasig sa Luzon, ilog ng Agusan at Pulangi sa Mindanao.

Ang Pilipinas ay may 59 na lawa. Anim sa pinakamalalaking lawa ay ang lawa ng Laguna, lawa ng Lanao, lawa ng Mainit sa Surigao del Norte, lawa ng Naujan, at lawa ng Bulusan.

### *C. Klima*

Sa pangkalahatan, ang klima sa Pilipinas ay may kainitan. Ito ay pinahuhupa ng simoy ng hangin galing sa Dagat ng Tsina at Karagatang Pasipiko. May dalawang panahon sa bansa – tag-araw at tag-ulan. Mula Marso hanggang Hunyo ay tag-araw, kung saan pinakamainit ang buwan ng Mayo. Samantala, mula Hulyo hanggang Oktubre ay tag-ulan. Mula Nobyembre hanggang Pebrero ay ang malalamig na buwan. Enero ang pinakamalamig na buwan na may temperaturang 25.4 °C hanggang 26.5 °C. May pagkakaiba ang klima sa iba't ibang rehiyon batay sa altitud o taas ng lugar. May pagkakaiba rin sa nararanasang ulan at sa tindi ng nararanasang mga bagyo.

### Pinagkukunang Yaman

Palagay ko ay iyong nababatid na ang Pilipinas ay napakaraming likas na yaman. Matataba ang ating mga lupang matatagpuan sa mga kapatagan at lambak. Dahil dito, sagana tayo sa bigas, mais, buko, abaka, goma, tubo`, prutas, gulay at kape. Ang ating mga kagubatan ay kakikitaan ng 3,000 uri ng

mga puno tulad ng apitong, almon, lawan, guijo, ipil, tangili, narra, tindalo at yakal. Marami rin tayong mineral na metalik gaya ng ginto, *iron*, tanso, pilak, *platinum*, *chromium*, *manganese*, *lead* at *zinc*. Mayroon ding mineral na hindi metalik tulad ng *coal*, langis, asbestos, *clay*, *gypsum*, *lime*, asin, buhangin, graba, *sulfur*, aspalto, adobe, at marmol. Bilang isang arkipelago, ang Pilipinas ay mayaman sa isda at produktong dagat. Dito ay may 2,400 uri ng isda, at 10,000 uri ng kabibe, mga perlas, at koral. Ang "*coral reef*" sa Tubbataha ay ika-apat na pinakamalaki sa buong mundo at likas na tahanan ng mga isda.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Pagtapat-tapatin. Hanapin ang epekto ng lokasyon, topograpiya at pinagkukunang yaman sa kasaysayang pangkabuhayan, pampulitikal at pangkultural ng Pilipinas. Guhitan ang magkakatapat.

| | |
|---|---|
| A. Lokasyon | 1. Mayaman sa lupain, mineral at iba't ibang pagkain ang Pilipinas kaya't naganyak ang mga dayuhang bansa na sakupin ito. |
| B. Topograpiya | 2. Ang pagiging mainit ng panahon sa bansa ay nakaimpluwensya sa ating mabagal na pagkilos at unang tinuligsa ng mga Kastila bilang katamaran. |
| C. Pinagkukunang Yaman | 3. Dahil sa ang Pilipinas ay binubuo ng mga watak-watak na pulo, naging mahirap ang pagkakaisa ng mga Pilipino at mga pangkat etniko. |



**Tandaan Mo!**

- Ang Pilipinas ay nasa Hilagang Silangan ng Asya.
- Ang Pilipinas ay isang archipelago na binubuo ng 7,109 na pulo.
- Mayaman ang Pilipinas sa iba't ibang anyong lupa, anyong tubig at likas na yamang galing sa kalikasan.



**Gawain 3: Paglalapat**


Gumuhit ng mapa ng Pilipinas sa isang papel. Gawing makulay ang mapa, Punuin ito ng mga larawan ng likas na yaman na matatagpuan sa iba't ibang rehiyon. Upang magawa mo ito, kinakailangang magsaliksik ka ng mga pangunahing produkto at likas na yaman sa bawat rehiyon.

**ARALIN 2**

**ANG PAMBANSANG TERITORYO**



Tatalakayin naman sa araling ito ang pambansang teritoryo ng Pilipinas. Nakabatay ito sa Saligang-Batas ng 1987, Kasunduan ng Paris noong 1898, at P.D 1596 noong June 11, 1978. Tatalakayin din natin ang kahalagahan ng '*Exclusive Economic Zone* (*EEZ*)', at Pandaigdigang Kumbensyon sa Batas sa Karagatan o "*International Convention on the Law of the Sea* (1958)." Kung ikaw ay mahilig sa mga batas ang araling ito ay para sa iyo!



Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:


1. Maiisa-isa ang batayan ng hangganan ng pambansang teritoryo;
2. Maituturo sa mapa ang hangganan ng pambansang teritoryo; at
3. Maipaliliwanag ang nilalaman ng Doktrinang Pangkapuluan at ng *Exclusive Economic Zone.*



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Suriin ang susunod na mapa. Matutukoy mo kaya ang mga basehan ng ating Pambansang Teritoryo? Isulat sa patlang kung ang tinutukoy ay <u>Saligang-Batas ng 1987</u>, <u>EEZ</u>, at mga <u>Isla sa Kalayaan</u>, <u>Kasunod sa Paris</u>.

Mapa ng Pilipinas at Hangganan ng Teritoryo



**Ang Pambansang Teritoryo**

Batay sa Artikulo ng Saligang-Batas ng 1987 ang teritoryo ng Pilipinas ay tumutukoy sa arkipelago, lahat ng mga isla at karagatan na bumabalot dito, at ang iba pang teritoryo kung saan may hurisdiksyon at makapangyayari ang Pilipinas. Ito ay binubuo rin ng kalupaan (*terrestrial*), katubigan (*fluvial*) at panghimpapawid (*aerial*) na hangganan. Kasama rin dito ang teritoryo ng karagatan, kalatagan at kailaliman ng dagat. Ang mga tubig na nasa pagitan at nagdudugtong sa mga isla ng arkipelago, gaano man kalalim o kalawak ay bubuo bilang bahagi ng panloob na mga dagat ng Pilipinas.

Sa kabuuan, ang hangganan ng teritoryo ng Pilipinas ay binubuo ng:

1. lahat ng mga isla ng arkipelago;
2. iba pang teritoryo kung saan may hurisdiksiyon o makapangyayari ang Pilipinas; at
3. mga panloob na karagatan.

**Doktrinang Pangkapuluan**

Ang Pilipinas, kasama ang Indonesya at iba pang archipelago, ay nagsulong ng doktrinang pangkapuluan sa pandaigdigang kumperensiya hinggil sa batas ng karagatan. Ito ay dahil lubhang mahalaga ang dahilang pangkabuhayan at pambansang seguridad ng mga bansa.


Sa lumang batas ay maaaring magkaroon ng mataas na karagatan o "*high seas*" sa pagitan ng mga isla na may 24 milyon ang distansiya o layo sa bawat isa. Kaya't ang mga bayarang sasakyang dagat ay maaaring pumasok dito na walang pahintulot. 'Di ba lubhang mapanganib ito sa seguridad ng estado? Sa isinulong na Doktrinang Pangkapuluan, lahat ng dagat mula sa hangganan o '*baseline*' ay itinuturing na panloob na karagatan gaano man kalalim at kalawak ito. Itinuturing itong bahagi ng arkipelago na kung saan may hurisdiksyon ang estado. Sa ganyang paraan, masisiguro ang kaligtasan ng mga kapuluan.

***Exclusive Economic Zone***

Sa ginanap na Pandaigdigang Kumbensyon sa Doktrinang Pangkapuluan sa Geneva noong 1958 pinalawak mula 3 milya hanggang 12 milya ang tinatawag na "*economic zone*" ng mga bansa. Nang lumaon, sa bisa ng P.D 1599 na nilagdaan noong Hunyo 11,1978, itinatag ang 200 milya notikal mula sa hangganan (o '*baseline*') ng bansa, maliban sa mga lugar kung saan nagtatagpo ang '*economic zone*' ng mga magkakapitbahay na bansa. Sa ganitong pagkakataon, ang mga bansang apektado ay binibigyang laya na magkasundo batay sa prinsipyo ng pandaigdigang batas sa delimitasyon. Samakatuwid, may hangganan ang mga lugar na maaaring gamitin sa mga gawaing pang-ekonomiya, halimbawa ang mga katubigan sa pangingisda, at ang himpapawid, sa pagtawid ng mga eroplanong pang-internasyonal.

**Pangkat ng mga Isla sa Kalayaan**

Ang mga Isla sa Kalayaan ay hindi orihinal na kasali sa teritoryo ng Pilipinas noong iguhit ang Kasunduan ng Paris noong ika-10 ng Disyembre, 1898. Sa bisa ng P.D 1596 na pinirmahan noong ika-11 ng Hunyo, 1978, ay opisyal na ginawang bahagi ng hangganan ng Pilipinas ang mga Isla sa Kalayaan. Ibinatay ito sa karapatang pangkasaysayan at mga titulong legal. Ang Kalayaan ay isa nang munisipalidad ng Palawan. Sa pangkasalukuyan, hindi lamang Pilipinas ang umaangkin sa 53 isla ng Kalayaan. Inaangkin din ito ng Tsina, Vietnam, Brunei, at Taiwan. Suliranin ng Pilipinas kung paano babantayan ang mga isla.Hindi pa nakakakuha ng rekognisyon mula sa *United Nations* o Samahan ng mga Nagkakaisang Bansa. Ang Pilipinas ay hindi pa kinikilala bilang nagmamay-ari ng mga islang ito.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Pag-isipan mo ang mga sumusunod na tanong at isulat ang sagot sa iyong kuwaderno. Maaari kang magtanong sa mga nakatatanda sa iyo.

1. Makatutulong ba sa Pilipinas ang ipagpatuloy na angkinin ang mga Isla sa Kalayaan at ang Sabah sa Hilagang Borneo?
2. Ano ang kabutihan at kahinaan ng kapuluan o arkipelago bilang uri ng teritoryo ng isang bansa?
3. Nasagot mo ba ang mga tanong sa itaas? Ngayon naman ay sumulat ka ng isang sanaysay kung paano maayos at matahimik na maaangking muli ng Pilipinas ang mga Isla sa Kalayaan at ang Sabah.

**Tandaan Mo!**



- Ang pambansang teritoryo ay tumutukoy sa nasasakupang kalupaan, katubigan, at panghimpapawid na hangganan ng bansa.
- Ang *Exclusive Economic Zone* ay nagtatakda ng hangganan ng mga magkakapitbahay na bansa upang isulong ang mga gawaing pang-ekonomiya.
- Ang Doktrinang Pangkapuluan ay nagsusulong ng batas pangkaragatan at nagtatalaga ng hurisdiksyon ng bawat bansa.
- May mga isla o grupo ng mga isla na tinatayang nasa teritoryo ng Pilipinas gaya ng Kalayaan at Sabah.




**Gawain 3: Paglalapat**

Alam mo ba ang teritoryo ng inyong barangay? Pumunta sa inyong Barangay Kapitan. Itanong ang hangganan at nasasakupan ng inyong barangay. Pagkatapos ay gumuhit ka ng mapang nagpapakita ng nasasakupang lupa. Maaari kang magpatulong sa mga kagawad sa inyong Barangay Hall.

## ARALIN 3
## REHIYONALISASYON



Nagtataka ka ba kung bakit may iba't ibang rehiyon sa ating bansa? Sa araling ito, uunawain natin ang kalikasan, mga dahilan, mga layunin at mga suliranin sa pagtatatag ng iba't ibang rehiyon sa Pilipinas.



Inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod pagkatapos ng araling ito:

1. Maiisa-isa ang iba't ibang rehiyon at mga lalawigan na napapabilang sa mga ito.
2. Matatalakay ang mga dahilan, layunin at mga suliranin sa pagtatatag ng mga rehiyon.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Masasabi mo ba kung anu-ano ang mga rehiyon sa Pilipinas? Bilang paghahanda, isulat sa patlang ang bilang o pangalan ng rehiyon na tumutukoy sa mga lalawigan.

| 1. ______________ | 2. ________________ | 3. ________________ |
|---|---|---|
| Albay | Batanes | Aklan |
| Camarines | Cagayan | Antique |
| Catanduanes | Isabela | Capiz |

4. ______________ 5. ________________

| | |
|---|---|
| Ilocos | Manila |
| La Union | Caloocan |
| Pangasinan | Makati |

Kung hindi mo nasagutan lahat ang mga patlang, makatutulong ang mga sumusunod na mga paksa.

**Ang Rehiyonalisasyon sa Pilipinas**

Ang Pilipinas ay nahahati sa 16 na rehiyon. Marami, di ba? Halos taun-taon ay nadaragdagan ang bilang ng ating mga lalawigan at siyudad. Sa tala noong taong 2000 ng Senado, ang Pilipinas ay binubuo ng 7,109 kapuluan, 16 na rehiyon, 77 probinsiya, 67 na siyudad, 1,540 na munisipalidad at 41,934 na baranggay.

Napansin mo ba na napakaraming pulo, lalawigan, siyudad at bayan mayroon ang bansa natin? Dahil diyan, isinulong ng pamahalaan ang rehiyonalisasyon. Pansinin mo na maraming mga dahilan sa pagtatatag ng mga rehiyon. Ito ay mga sumusunod:

(1) Upang mapahusay ang administrasyon ng bansa;

(2) Upang masiguro ang pantay na antas ng pamumuhay at pangkabuhayan ng mga tao; at

(3) Upang mapagbuti pa ang serbisyo ng mga ahensiya ng pamahalaan.

Sa pagtatatag ng mga rehiyon noong administrasyon ni Pangulong Marcos, ibinase ito sa mga sumusunod:

(1) salik pang-heograpiko;

(2) kakayahang pamunuan ito;

(3) sosyo-ekonomik na debelopment; at

(4) mga anyo ng transportasyon at komunikasyon.

Sa pangkasalukuyan, mayroong 16 na rehiyon sa Pilipinas. Ang bawat rehiyon ay may angking likas na yaman at sariling produkto. Isa-isahin natin ang mga rehiyon:

Rehiyon I – Ilokos

Ilokos Norte, Ilokos Sur, La Union, Pangasinan

C.A.R – Cordillera Autonomous Rehiyon

Abra, Apayao, Benguet, Ifugao, Kalinga, Mt. Province

Rehiyon II – Lambak ng Cagayan

Batanes, Cagayan, Isabela, Nueva Vizcaya, Quirino

Rehiyon III – Gitnang Luzon

Bataan, Bulacan, Nueva Ecija, Pampanga, Tarlac, Zambales

Rehiyon IV – Katimugang Tagalog

Aurora, Batangas, Cavite, Laguna, Marinduque, Mindoro Occidental, Mindoro Oriental, Palawan, Quezon, Rizal, Romblon

Rehiyon V – Bicol

Albay, Camarines Norte, Camarines Sur, Catanduanes, Masbate, Sorsogon

Rehiyon VI – Kanlurang Bisaya

Aklan, Antique, Capiz, Guimaras, Iloilo, Negros Occidental

Rehiyon VII – Gitnang Bisaya

Bohol, Cebu, Negros Oriental, Siquijor

Rehiyon VIII – Silangang Bisaya

Biliran, Silangang Samar, Leyte, Hilagang Samar, Katimugang Samar, Katimugang Leyte, Samar

Rehiyon IX – Kanlurang Mindanao

Basilan, Zamboanga del Norte, Zamboanga del Sur.

Rehiyon X – Hilagang Mindanao

Bukidnon, Camiguin, Misamis Occidental, Misamis Oriental

Rehiyon XI – Katimugang Mindanao

Compostela Valley, Davao, Davao del Sur, Davao Oriental, Sarangani, Timog Cotabato, Sultan Kudarat

Rehiyon XII – Gitnang Mindanao

Lanao del Norte, Cotabato

Rehiyon XIII – CARAGA


Agusan del Norte, Agusan del Sur, Surigao del Norte, Surigao del Sur

ARMM – Autonomous Region of Muslim Mindanao

Lanao del Sur, Maguindanao, Sulu, Tawi-tawi

NCR – National Capital Region

Manila, Caloocan, Las Piñas, Makati, Malabon, Mandaluyong, Marikina, Muntinlupa, Navotas, Parañaque, Pasay, Pasig, Pateros, Quezon City, San Juan, Taguig, Valenzuela



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Sa iyong palagay, ano ang mga kahinaan at kalakasang dulot ng pagtatatag ng rehiyonalisasyon sa Pilipinas?
2. Pumili ng 2 reyihon at ikumpara ang katangiang kultural at pangkabuhayan ng mga ito. Kinakailangang magsaliksik ka upang masagutan mo ang mga ito. Maaari mong piliin ang rehiyon kung saan ka mabibilang.



**Tandaan Mo!**

- Ang rehiyonalisasyon ay mahalaga upang mapahusay ang administrasyon ng bansa, mapagbuti ang mga serbisyo, at masiguro ang pantay na antas ng pamumuhay sa bawat rehiyon.
- May 16 na rehiyon ang Pilipinas.
- Mapauunlad ang mga rehiyon kung malilinang ang mga likas na yaman at produkto ng bawat isa.



**Gawain 3: Paglalapat**

A. Saang rehiyon ka galing? Gumuhit ng mapa ng iyong rehiyon. Pagkatapos ay ipaliwanag ang mga aspetong sosyal, pangkabuhayan at pisikal ng iyong rehiyon.

B. Tukuyin kung nasaang bayan sa mapa ng iyong rehiyon. Pagkatapos ay sumulat ka ng isang alamat tungkol sa iyong bayan.



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO:**

Ang mga sumusunod ay pangunahing kaisipang natutuhan mo sa modyul na ito:

- Ang pisikal na katangian ng bansang Pilipinas ay nakakaapekto sa paghubog ng kasaysayan, kabuhayan, kultura at pulitika nito.
- Ang Pilipinas ay isang arkipelago o kapuluan at sagana sa yamang lupa at yamang dagat.
- Dapat pangalagaan ng pamahalaan at ng mga tao ang mga likas na yaman n gating bansa at seguraduhing wasto ang nagaganap na paggamit ng mga ito.
- May kapangyarihan ang pamahalaang nasyonal at lokal na pangalagaan ang hangganan ng bansa mula sa mga dayuhan at ilegal na mangingisda.
- Dahilan sa pagiging isang arkipelago ng Pilipinas, isinulong ang rehiyonalisasyon upang mapahusay ang administrasyon ng bansa, mapagbuti ang serbisyo sa mga mamamayan, at masiguro ang pantay na antas ng pamumuhay.



**PANGHULING PAGSUSULIT:**

Pagtapat-tapatin ang mga tinutukoy hanay A at hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

**A**

____1. Lungsod Quezon
____2. Tropikal
____3. Doktrinang Pangkapuluan
____4. Enero
____5. Cagayan
____6. Likas na yaman
____7. Pangulong Marcos
____8. Luzon
____9. Arkipelago
____10. Kalayaan / Sabah
____11. Bundok Apo
____12. Pandaigdigang komperensya sa batas ng karagatan
____13. *Exclusive Economic Zone*
____14. Saligang-Batas ng 1987
____15. Mayo
____16. 7,107
____17. Kahirapan sa pangangasiwa ng kapuluan
____18. *Autonomous Region of Muslim Mindanao* o ARMM
____19. Agrikultural
____20. "*Pacific Ring of Fire*"

**B**

**A.** Pinakamalamig na buwan/panahon
**B.** Pinasimulan niya ang rehiyonalisasyon o pagtatatag ng mga rehiyon sa Pilipinas.
**C.** Pinakamataas na bundok
**D.** Klima ng Pilipinas
**E.** Batas sa Karagatan
**F.** Bilang ng mga pulo sa Pilipinas
**G.** Pangunahin at pinakamalaking isla sa Pilipinas
**H.** Naging kabisera ng Pilipinas sa loob ng 28 taon
**I.** Dahilan sa sagana sa mga bukirin at matabang lupa, ang Pilipinas ay maraming produktong ____.
**J.** Ang pinakamainit na buwan
**K.** Basehan ng Pambansang Teritoryo
**L.** Binubuo ng maraming pulo kaya't ang Pilipinas kaya't ito ay isang____.
**M.** Bahagi nito ang Pilipinas kayat maraming bulkan sa bansa.
**N.** Binubuo ng biyaya ng lupa, karagatan, ilog, kagubatan, at kapaligiran.
**O.** Dito isinulong ng Pilipinas at karatig-bansa ang pagtitiyak ng hurisdiksyon sa teritoryong pangkaragatan.

**P.** Pinakamahabang ilog sa Pilipinas

**Q.** Sentro ng Kulturang Muslim

**R.** 200 milya notikal

**S.** Isa itong suliranin sa Pilipinas dulot ng pagkakahiwalay ng mga pulo.

**T.** Mga isla na pinag-aawayan ng mga bansa.



**GABAY SA PAGWAWASTO:**

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **1. D** | **6. A** | **11. A** | **16. D** |
| **2. D** | **7. K** | **12. D** | **17. D** |
| **3. A** | **8. B** | **13. B** | **18. D** |
| **4. A** | **9. C** | **14. B** | **19. A** |
| **5. B** | **10. D** | **15. D** | **20. K** |

**ARALIN 1 KATANGIANG PISIKAL AT PINAGKUKUNANG YAMAN NG PILIPINAS**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo**

1. Mga Lokasyon: Silangan, Timog
2. Mga Bansa: Hapon, Brunei, Asya, at Vietnam
3. Anyong Lupa: Pulo

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Lokasyon: **2**

B. Topograpiya: **3**

C. Pinagkukunang-Yaman **1**

**Gawain 3: Paglalapat**

Ipatsek ang iyong ginawang mapa sa gurong namamahalang mga modyul.

**ARALIN 2 ANG PAMBANSANG TERITORYO**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo**

A. Kasunduan ng Paris

B. 200 NM EE2

C. Kalayaan/ Spratly

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Oo, nakatutulong dahil <u>karagdagan ito sa teritoryo ng Pilipinas, hindi dahil ito ay magiging sanhi ng sigulot.</u>
2. Kabutihan ng pagiging arkipelago: <u>Malaya at malayo sa iba't ibang teritoryo.</u>
   Kahinaan ng pagiging isang arkipelago: <u>Mahirap para sa Hukbong Sandatahan para bantayan lahat ng isla.</u>
3. Ipatsek ang iyong sanaysay sa gurong tagapamahala.

**Gawain 3: Paglalapat**
Ipakita at ipatsek sa gurong tagapamahala ang iyong ginawang mapa ng inyong barangay.

**ARALIN 3 REHIYONALISASYON**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo**

1. Rehiyon V
2. Rehiyon II
3. Rehiyon VI
4. Rehiyion I
5. NCR (National Capital Region)

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Mga kahinaan sa pagtatatag ng mga rehiyon:
    a. Kakulangan ng pondo sa debelopment
    b. Pamunuan at kahusayan sa pamumuno
    c. Nagiging maka-rehiyon ang mga tao at nagkakaroon ng kompetisyon

   Mga kalakasan ng pagkakaroon ng mga rehiyon:
    a. Napagbubuti ang pagtugon sa mga pangangailangan ng bawat rehiyon.
    b. Napag-aaralan ang mga dapat gawin sa bawat rehiyon.
    c. Nagkakaroon ng masusing pagpaplano sa bawat rehiyon.

2. Maaaring magkumpara ng kahit anong rehiyon. Ipatsek sa gurong tagapamahala ang iyong sagot.

**Gawain 3: Paglalapat**

Ipakita sa gurong tagapamahala ang mga ginawa mo sa Aat B, upang maiwasto.

**PANGHULING PAGSUSULIT**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **1. H** | **6. N** | **11.C** | **16.F** |
| **2. L** | **7. B** | **12.F** | **17.S** |
| **3. E** | **8. G** | **13.I** | **18.Q** |
| **4. A** | **9. D** | **14.K** | **19.I** |
| **5. O** | **10.M** | **15.J** | **20.M** |